# MGA TAGADALA NG KRUS

A Lord's Flock General Assembly Topic
By: Sis. Techie M. Rodriguez
Abril 15, 2023

Ang kaligtasan ay kaloob ng Diyos sa atin upang magkaroon tayo ng buhay na walang hanggan kaisa ni Kristo Hesus na ating Panginoon (Rom. 6:23). Ipinapaalala sa atin ng Simbahang Katoliko na ang krus ay simbolo ng muling pagkabuhay ni Kristo. Dinaig ng ating Panginoong Hesukristo ang kamatayan sa pamamagitan ng pagkamatay sa krus upang tayo ay mabuhay. Paulit-ulit na ipinangaral ni Hesus sa Kanyang mga alagad at sa mga tao na Siya ay naparito sa lupa upang pagalingin at aliwin ang mga pusong sawi dahil sa mga problema at kawalan ng pag-asa. Kung gayon, "manahimik tayo at alamin" na may Diyos na hindi tayo iiwan (Awit 46:10). Bukod dito, inanyayahan Niya ang mga apostol na maging disipulo Niya. Ang ibig sabihin ng pagiging disipulo ay maging katulad ni Kristo. Kaya, maging tagasunod at disipulo tayo ni Kristo upang maipalaganap natin ang Kanyang mga turo sa lahat, anuman ang kapalit nito.

**A. Mga mahahalagang tanong kung paano maging tagasunod ni Kristo:**

1. Ano ang ibig sabihin ng pagiging tagasunod ni Kristo?
2. Ano ang ibig sabihin ng pagiging alagad?
3. Ibig bang sabihin ay gagawin tayong maunlad ng Diyos kapag tayo ay naging Kanyang mga disipulo?

Mula ngayon, kung gusto nating sumunod kay Hesus, dapat nating kalimutan ang ating sarili, pasanin ang ating krus araw-araw at patuloy na sumunod sa Kanya. Ang naghahangad magligtas ng kanyang buhay ay siyang mawawalan nito; ngunit ang mag-alay ng kanyang buhay alang-alang sa Diyos ay magkakamit nito (Lk. 9:23-24).

**B. Mga Kinakailangan sa Pagiging Disipulo:**

1. **Ang pagnanais** ay paglalakbay kasama si Hesus sa pagkintal sa ating mga isipan at puso ang Kanyang mga paniniwala, aral at alab ng ating tapat na intensyon at pagkilos.
2. **Ang pagpapasya** ay paggawa ng isang matatag na pagpili upang maging isang disipulo anuman ang kapalit nito.
3. **Ang pagbilang ng halaga** ng pagiging disipulo ay ang pagiging handang talikuran ang mga hadlang tulad ng pamilya, karera, relasyon, oras at pamumuhay na maaaring humadlang sa tunay na paglilingkod kay Kristo (Lk. 23). Samakatuwid, ang manatili sa ating pangako ay maglingkod anuman ang mangyari, anuman ang kapalit.
4. **Ang pagtanggi sa ating sarili** ay paglimot sa makasalanang paraan ng lumang buhay upang hindi na tayo maging alipin ng kasalanan (Rom. 6:6).
5. **Ang pagpasan ng ating krus.** Kailangan din nating pasanin ang sarili nating mga krus upang makibahagi sa pagdurusa ni Hesus nang pasanin Niya ang sarili Niyang krus sa Kalbaryo. Ang iba't ibang mga krus ay:

5.1 **Pinasadyang krus**. Hindi natin maaaring ipagpalit ang ating krus sa iba, dahil ang bawat indibidwal ay may pasadyang krus na dadalhin ayon sa kanyang kakayahan.

5.2 **Hindi inaasahang krus**. Ang buhay ay puno ng mga problema o hindi inaasahang mga krus. Tulad ng aming *Elder-Founders*, Sis. Techie at Bro. Bobby, pinapasan nila ang kanilang mabibigat na krus at sila ay naging matagumpay.

5.3 Marangal na krus – pasanin ang ating krus nang may ngiti. Magalak habang tayo ay nakikibahagi sa pagdurusa ni Kristo (1 Pt. 4:13). Kaya naman, ang pagsunod kay Kristo ay ang pangakong maging katulad Niya at ang pagkilala na Siya ang ating Panginoon, ang Tagapamahala ng ating buhay (Awit 103:19).

**Konklusyon:**

Ang tawag o paanyaya ni Hesus sa Kanyang mga alagad na sumunod sa Kanya, itakwil ang ating sarili at pasanin ang ating krus araw-araw ay isa ring paanyaya sa lahat ng makabagong Kristiyano. "Hindi ko ikinahihiya ang Mabuting Balita tungkol kay Kristo, sapagkat ito ang kapangyarihan ng Diyos sa ikaliligtas ng bawat nananampalataya.." (Rom.1:16).

**Pagninilay:**

1. Ilang beses kang nadapa nang nabigatan ka sa krus na pasan-pasan mo?
2. Napagtanto mo ba na hindi mo kailanman dinala ang iyong krus na mag-isa dahil kasama mo si Hesus sa pagpasan nito?

**Isinalin ni:** Sis. May Barcita
**Na-edit ni :** Sis Nida A. Cruz
**For more teachings, visit our website:**
https://lordsflock.org/teachings/digests
Tags:#Panalangin